## PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG SA NAMUNGKAHING PAGBEBENTA NG OUR LADY OF FATIMA VILLA

Nirerepaso ng Attorney General ng California ang namungkahing pagbebenta ng assets ng Our Lady of Fatima Villa, Inc., isang non-profit na korporasyon para sa benepisyo ng publiko ng California na matatagpuan sa Saratoga, CA. Ang Our Lady of Fatima Villa, Inc. ay pagmamay-ari at pinapatakbo ng Our Lady of Fatima Villa, isang pasilidad ng dalubhasang pangangalaga na may 85 lisensyadong kama at isang assisted living na pasilidad na may 74 na lisensyadong kama. Ang nag-iisang miyembro at relihiyosong sponsor ng Our Lady of Fatima Villa, Inc.ay ang Dominican Sisters of St. Catherine of Siena, Inc., isang non-profit na korporasyon sa Wisconsin.

Ang Our Lady of Fatima Villa, Inc. ay pumasok sa Kasunduan sa Pagbili at Pagbenta at Joint Escrow Instructions kasama ang CTR Partnership, L.P., isang limitadong partnership sa Delaware at isang subsidiary ng CareTrust REIT, isang korporasyon sa Maryland. Sa ilalim ng mga tuntunin ng nasabing iminungkahing transaksyon, ipauupa ng CareTrust REIT, Inc. ang mga pasilidad sa dalawang limited liability na mga kompanya sa California, ang Three Arch LLC at Strands LLC na pagmamay-ari at kontrolado ng Kalesta Healthcare Group, LLC, isang limited liability na kompanya ng California. Alinsunod sa Operations Transfer Agreement at sa Master Lease, ang Kalesta Health Group, LLC ang magmamay-ari at mamamahala sa Our Lady of Fatima Villa. Ang namungkahing non-profit na transaksyon sa pangangalaga ng kalusugan ay nirerepaso gaya ng kinakailangan alinsunod sa mga seksyong 5914 ng Corporations Code, *at mga sumunod dito.*

Ang California Attorney General ay magsasagawa ng isang pampublikong pagpupulong hinggil sa Our Lady of Fatima Villa sa Lunes, Hulyo 23, 2018 na magsisimula sa oras na 1:00 pm sa Saratoga Library, Community Room, 13650 Saratoga Ave., Saratoga, CA. 95070. Ang namungkahing pampublikong pagpupulong ay para tumanggap ng mga komento sa namungkahing pagbebenta ng Our Lady of Fatima Villa. Ang mga tuntunin ng namungkahing transaksyon ay naitakda sa isang nakasulat na abiso sa Attorney General. Kung nais ninyong humiling ng kopya ng nakasulat na abiso sa CD, mangyari lang makipag-ugnayan sa Deputy Attorney General na si Jami Cantore sa Jami.Cantore@doj.ca.gov o sa (213) 269-6555 at ibigay ninyo ang inyong pangalan at address pang-koreo. Ang kopya ng nakasulat na abiso ay handa rin makuha para masuri ng publiko sa sumusunod na lokasyon: Our Lady of Fatima Villa, 20400 Saratoga-Los Gatos Road, Saratoga, CA 95070.

Para sa mga taong nais ilahad ang kanilang mga pananaw at magsalita sa pampublikong pagpupulong, maaari nilang gawin iyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng sign-up sheet na maaaring makuha sa pampublikong pagpupulong, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng email kay Jami.Cantore@doj.ca.gov bago sumapit ang Hulyo 20, 2018, o pagtawag kay Jami Cantore sa (213) 269-6555 bago sumapit ang Hulyo 20, 2018. Sinumang indibiduwal na may kapansanan na hangad ang makatuwirang akomodasyon para makadalo o makasali sa pagpupulong o para makakuha ng mga materyal o impormasyon sa pagpupulong sa isang alternatibong format ay dapat makipag-ugnayan kay Jami Cantore nang hindi mas tatagal sa limang araw bago maganap ang pampublikong pagpupulong.

Maaaring ipahiwatig ng mga tao ang kanilang mga pananaw o hinihikayat silang magbigay ng pananaw sa namungkahing transaksyon sa pamamagitan ng pagsulat sa Tanggapan ng California Attorney General gamit ang email na Jami.Cantore@doj.ca.gov, o fax na (213) 897-7605, o pagpapadala ng kopya kay Deputy Attorney General Jami Cantore, sa address na 300 S. Spring Street, Los Angeles, CA 90013. Ang takdang huling araw para sa pagtanggap ng mga nakasulat na komento ay Hulyo 23, 2018.